Grenfell Tower
Memorial Commission

**Rt Hon Michael Gove MP**
Secretary of State
Department for Levelling Up, Housing and Communities

18 Nobyembre 2021

Minamahal naming Kalihim ng Estado,

Una sa lahat, nais naming magpasalamat para sa inyong pakikipagpulong sa amin at paglalaan ng oras para pakinggan ang aming mga alalahanin. Sa tingin namin, malaking tulong ang pagpupulong at mahalagang unang hakbang para maipanumbalik ang tiwala sa paninindigan ng gobyerno sa isang memoryal na pinangungunahan ng komunidad.

Nagsusulat kami upang itakda ang mga pangunahing pag-uusapan at pagkakasunduan. Ikalulugod namin kung makukumpirma ninyo ang mga puntos na ito sa inyong tugon, upang mapanatag namin ang loob ng aming mga komunidad at makapagpatuloy sa ating mahalagang paglalakbay tungo sa isang naaangkop at panghabang-panahon na pag-alaala sa mga taong nawalan ng buhay. Aming pagpapasalamatan ang isang maagang tugon dahil mapahihintulutan kami nitong muling simulan ang trabaho ng Komisyon, kasama na ang aming pakikipag-ugnay sa komunidad, sa lalong madaling panahon.

Maraming salamat sa pagsisimula sa ating pagpupulong sa pamamagitan ng muling paghingi ng tawad para sa walang konsiderasyong artikulo sa The Sunday Times, bilang partikular, sa sama ng loob na idinulot nito sa mga naulilang pamilya, at ang epekto nito sa gawain ng Memorial Commission. Nahikayat kami ng inyong tapat na diskarte hanggang ngayon, sa panahon ng pagpupulong ng mga namatayan at mga nakaligtas noong ika-13 ng Oktubre, sa inyong sulat na inilathala sa Sunday Times noong ika-14 ng Nobyembre, at ng inyong mga pangako sa amin.

Sa ating pagpupulong, malinaw sa atin na napakarupok pa ng tiwala, at tinanggap ninyo na kasunod ng mga kamakailang kaganapan, kailangan itong muling itaguyod at alagaan sa ating pag-usad. Mahalaga sa amin sa gayon na kilalanin at muling pagtibayin ng gobyerno ang mga pangakong ibinigay ng mga nakaraang ministro sa ating komunidad, bilang karagdagan sa mga higit na muling pagtitiyak na ibinigay ninyo sa ating pagpupulong. Ang paglathala sa inyong tugon at sa mga pangakong iyon sa *gov.uk* ay makakatulong sa muling pagbubuo ng tiwala at pagprotekta sa mga pangakong iyon sa mga darating na taon. Mahalaga, bilang panghuling himlayan ng ating mga mahal sa buhay, sumang-ayon kayong mahalaga na anumang mga desisyon tungkol sa Tore ay dapat makuha ang tiwala ng mga pinakanaapektuhan. Higit pa rito, muli ninyong tiniyak sa amin na ang desisyon sa Tore ay hindi pinag-iisipan sa ngayon at papabilisin lang ang isang desisyon upang panatilihing ligtas ang ating komunidad.

Mahalaga ang isang panghabambuhay na pagbabago upang tiyakin na walang ibang pamilya ang magdurusa nang katulad sa aming pinagdaanan at ang paglalakbay tungo sa isang naaangkop at panghabambuhay na pag-alaala, pero tulad ng kinilala ninyo, ang mga ito'y bahagi lang ng pangkalahatang sitwasyon. Upang makapagsimulang maghilom, kailangan nating papanagutin ang mga indibidwal na naging sanhi ng pagkawala ng aming mga minamahal sa buhay. Tulad ng muli naming binigyang-diin at tulad ng direkta ninyong narinig mula sa mga pamilya kamakailan, mahalagang bahagi ng aming paglalakbay ang hustisya. Ang karanasan ng mga pamilya sa Hillsborough ay nagpakita ng kahalagahan ng pagpoprotekta ng lahat ng katibayan upang mabawasan ang tsansa para sa isang bigong paglilitis at pagkawala ng maaaring pagpapanagot. Hindi sapat na sabihin lang ng mga awtoridad ng hustisya na hindi na nila kailangan pa ang gusali, o na 'may kumpiyansa' sila na hindi na kakailanganin ang Tore bilang bahagi ng anumang paglilitis sa hinaharap. Kailangan namin ang ganap na katiyakan at kalinawan tungkol dito para magsimula kaming magkaroon ng kumpiyansa.

Binigyang-diin namin ang pangangailangan ng tiwala sa tagubilin tungkol sa kaligtasan sa Tore at anumang desisyon na nakabatay dito. Binanggit ninyo na nakita ninyo ang ilan sa mga pinakabagong report ng engineering at malinaw ang payo na <u>kasalukuyang ligtas ang Tore.</u> Lubos na mahalaga na may kalinawan tungkol sa puntong ito upang maiwasan ang patuloy na spekulasyon at kawalan ng tiwala. Kung sakaling magbago ang tagubilin tungkol sa kaligtasan, muli ninyong kinumpirma na susuportahan ng pamahalaan ang mga naulila at mga nakaligtas na pamilya at komunidad upang maghirang ng independiyenteng structural engineer na kanilang napili. Dapat itong napapanahon at nang may buong access sa Tore, pati sa anumang impormasyon na hawak na ng gobyerno. Nakakapanibago ang transparency na ito at nagpapasalamat kami para sa pag-uulit na dapat "walang itinatago".

Panghuli, nagpapasalamat kami para sa pagkilala ninyo sa progreso ng nagawa ng Komisyon. Nananatili kaming naninindigan, bilang mga indibidwal at bilang Komisyon, sa pagtataguyod ng permanenteng alaala upang matiyak na hindi makakalimutan ang nangyari sa Grenfell. Kinilala ninyo na ang Komisyon ay isang independiyenteng katawan na may inihalal na mandato, at hindi namin maisasagawa ang aming trabaho nang walang tiwala ng ating komunidad, at lalo na nang walang suporta ng mga namatayang pamilya. Buong tulong ninyong kinumpirma ang importansya ng pagtitiyak na sinumang interesado sa pagbibigay sa kanilang mga pananaw tungkol sa memoryal ay gawin ito sa Komisyon at hindi sa o sa pamamagitan ng sentral na pamahalaan. Mahalaga ito dahil nais naming makipag-usap nang direkta sa lahat na apektado. Ang aming tungkulin ay maikatawan ang kanilang mga pananaw sa memoryal sa hinaharap.

Ang aming pamamaraan sa pakikipagtulungan sa mga pamilya at sa komunidad ay nakabatay sa pagkakaroon ng konsiderasyon at respeto; ito ang mga pag-uusap na hindi maaari at hindi dapat na minamadali. Sumang-ayon kayo na ang proseso ng memoryal at mga pagpapasya sa Tore ay kailangang umusad nang pahakbang-hakbang at sa bilis na nais ng komunidad.

Lahat tayo ay nasa isang paglalakbay, at ang ating iisang mithiin ay na hindi kailanman makalimutan ng mga susunod na henerasyon ang nangayri sa Grenfell noong ika-14 ng Hunyo 2017.

Muli, salamat sa inyong pagiging bukas, tapat, at pagnanais na makipagtulungan sa amin.

Inaasahan namin ang inyong maagang tugon.

Gumagalang,

Adel Chaoui, Sandra Ruiz, Hassan Hassan, Nabil Choucair, Hanan Wahabi, Mohammed Rasoul, Abe Abebe, Hanan Cherbika, Susan Al-Safadi, Andrea Newton

Michael Lockwood & Thelma Stober

**Grenfell Tower Memorial Commission**